## ■郵便（国内郵便、国際郵便）

**(1)国内郵便**

①定形郵便物(封書):25gまで 84円、50gまで 94円
(規格:長さ 14～23.5cm、幅9～12cm、厚さ 1 cm以下。重さ 50g以下)
②定形外郵便物(封書):重さ・大きさによって料金が異なります。
③通常はがき63円、ミニレター63円、往復はがき 126円
④小包郵便(ゆうパック):大きさと送り先の地域で料金が異なります。
(規格:長さ・幅・厚さの合計が 170 cm以内。重さ 25 kg以内)

- 書籍等を送るときはゆうメールを利用すると安い料金となります。
(規格:1 kgまで)
- 必要なら専用の箱を郵便局で買うこともできます。

⑤速達:急ぎのときは速達料金を追加して「速達扱い」にすると早く届けてもらえます。
⑥書留:現金・重要な文書・物の郵送は「書留」にすると、万一の場合、損害賠償が受けられます。郵便局の窓口で申し出ます。

注:受取りの印または署名が必要な郵便物や小包が配達されたとき、あなたがいないときは、配達員は、「不在配達の通知」を郵便受けの中に残していきます。郵便局は、その郵便物を7日間保管するので、出向いて受け取るか(印鑑と身分を証明するものを必ず持っていってください)、あるいは希望配達日を郵便局に知らせて再配達を申し込みます。

## ■ Serbisyo sa Koreo (Para sa mga Domestic mail, International mail)

**(1) Para sa mga Domestic mail**

1) Standard size na mga sulat o liham (selyado): unipormeng singil na ¥84 hanggang 25 g at ¥94 hanggang 50 g.
(Sukatan: mga bagay na may haba na 14 hanggang 23.5 cm, 9 hanggang 12 cm ang lapad at hanggang 1 cm ang kapal. Mga bagay na hanggang 50 g ang bigat.)
2) Non-standard size na mga sulat o liham (selyado): Nag-iiba ang presyo depende sa bigat at laki.
3) Uniporme o pantay na singil na ¥63 para sa standard size post-cards, ¥ 63 para sa mini-letter, at ¥126 para sa prepaid returnable postcards.
4) Parsela (Yu-Pack): iba't-iba ang singil depende sa sukat o laki at sa lugar na kung saan ito ipapadala.
(Sukatan: mga bagay na may kabuuang haba, lapad at kapal na 170 cm, at bigat hanggang 25 kg)

- Para sa pagpapadala ng mga libro, at iba pa, mas mura kung ipapadala ito sa pamamagitan ng Yu-mail.
(Sukatan: hanggang 1kg)
- Kung kinakailangan, maari kayong bumili ng itinakdang mga kahon sa post office.

5) Express mail (Sokutatsu): kapag kayo ay nagmamadali, maari ninyong gamitin ang express mail.
6) Registered mail (Kakitome): kung nais magpadala ng mga important eng dokumento o mga bagay, maaring gamitin ninyo ang registered mail (Kakitome) para makasigurong sasagutin ng Koreo ang responsibilidad kung sakaling mawala ito. Magtanong sa tanggapan ng Koreo o Post Office para sa serbisyong ito.

Paalala: sa oras na ipadala ang isang sulat o package na nangangailangan ng inyong stampa o pirma at wala kayo sa bahay, mag-iiwan ang Kartero ng isang "notice of absence" sa inyong mailbox. Itatabi ng Koreo ang mga sulat o package hanggang pitong araw. Maari kayong pumunta ng direkta sa Post Office upang tanggapin ito (kailangang dalhin ninyo ang isang stampa at isang I.D.), o di kaya'y hilingin sa Koreo na ipadala uli ito.

**(2)国際郵便**

①通常郵便物

- 航空便には、手紙、ハガキ、本・雑誌（印刷物）があり、3日～6日程度で配達されます。

②EMS（国際スピード郵便）：航空便より速く配達されます。

③国際小包

- 航空便、船便、エコノミー航空（SAL）便の3種類があります。
- 利用個数により 10～20%の料金割引があります。
- 重量は 30kg まで(国により制限が異なります)
- 専用ラベルに必要事項を記入し、貼ります。

**(2) International mail**

1) Ordinaryong liham

- Para sa airmail, may mga liham, postcards, libro/ magasin (bagay na nakalimbag), at inaabot ng halos 3 hanggang 6 na araw para sa pag-deliver o paghatid.

2) EMS (International Express Mail Service): mas mabilis na naipapadala kumpara sa air mail.

3) International parcels

- May tatlong uri: Via air, Sea, at Economy Air (SAL)
- May mga diskuwento mula 10% hanggang 20% depende sa dami ng package o mga balutan.
- Ang timbang ay hanggang 30 kg (ang limitasyong ito ay maaring magkaiba depende sa bansa).
- Isulat ang nararapat na bagay sa itinakdang label, at idikit sa package.

**◇帰国や移転の際の手続き**

帰国または移転する場合には、事前に郵便局に届けます。国内ならば、移転先の新住所に 1年間は無料で郵便物を転送してもらえます。届出用のはがきは郵便局にあります。

郵便局ごとの業務時間

http://map.japanpost.jp/p/search/

日本郵便株式会社では英語版ホームページで郵便局のサービス内容や料金を紹介しています。

http://www.post.japanpost.jp/english/index.html

**◇ Pamamaraan para sa paglipat o pag-uwi sa sariling bansa**

Kung nais ninyong lumipat sa anumang lugar sa Japan o di kaya'y umuwi sa sariling bansa, kailangang ipaalam ito sa Koreo o Post Office bago isagawa ang paglipat o bago umuwi sa sariling bansa. Para sa paglipat sa anumang lugar sa Japan, ang koreo ay ipapadala ng libre sa bagong tirahan o address sa loob ng isang taon. May mga postcards sa bawat Post Office, na maaring gamitin para ipaalam ang pagbabago ng address o tirahan.

Para sa oras ng pagbukas ng bawat koreo:

http://map.japanpost.jp/p/search/

Ang Japan Post Service Co., Ltd. ay may website sa wikang Ingles, na nagbibigay ng mga impormasyon ukol sa mga serbisyo pati na mga singil sa koreo.

http://www.post.japanpost.jp/english/index.html

## ■宅配便

郵便のほかに日本には宅配便と呼ばれる便利な輸送サービスがあります。宅配便は、コンビニエンスストアなどでも申込みできます。

一般的な配達サービスのほかに、食品などの冷凍配達、スキーやゴルフ用具をスキー場、ゴルフ場から自宅まで配達するサービスもあります。

集荷時間や地域により配達までの日数が変わります。また、輸送距離や荷物のサイズによって料金は異なります。海外へのサービスは、

## ■ Takuhai-bin Courier Service

Bukod pa sa mga serbisyo sa koreo, may mga serbisyong maaring gamitin tulad ng tinatawag na "Takuhaibin". Maari itong ipadala sa pamamagitan ng mga convenience stores at iba pang mga shops.

Bukod sa regular na mga serbisyo, ang mga courier companies ay nagdudulot ng iba't-ibang uri ng serbisyo, katulad ng pagpapadala ng refrigerated foods pati mga skis o golf equipment sa mga ski resorts o golf courses patungo sa inyong tahanan.

Nagbabago ang bilang ng araw depende sa oras ng paghakot at pook. May iba't-ibang singil depende sa layo o distansiya.

荷物の種類や地域によって制限があります。

Para sa serbisyong pang-internasyonal, may mga limitasyon sa nilalaman ng bagay na nais ipadala pati na sa destinasyon o lugar na patutunguan.

## ■電話

◇**電話のかけ方**

日本の電話番号は、市外局番 – 市内局番 –加入者番号の三組の数字からできており、受話器を上げてから、プッシュボタンでこれらの数字を押してかけます。

ただし、自分と同じ市外局番の相手に電話をかけるときは、市外局番は、要りません。

*携帯電話からかける場合は、全ての番号を押します。

## ■Telepono

◇ **Paano tumawag sa telepono**

Ang numero ng telepono sa bansang Hapon ay binubuo ng tatlong bahagi: (area code)-(lokal na numero)-(bilang ng subscriber). Kailangang i-dayal ang tatlong bahagi kung tatawag gamit ng telepono, maliban na lang kung ang numerong tatawagan ay nasa parehong area code.

Kung pareho ang area code ng tatawagan sa area code mo, hindi na kailangang i-dayal ang area code.

*Kung tatawag gamit ng cell phone, kailangang i-dayal ang lahat ng numero

例

**Halimbawa**

| Area Code | Local Exchange code | Numero ng subscriber |
|---|---|---|
| 043 | 123 | 4567 |

◇**電話の新設・移転・名義変更等の申込み方法**

最寄りのNTTの営業所に、身分証明書(パスポート、在留カード、運転免許証など)を持って申し込みます。

◇ **Pag-apply para sa bagong telepono o phone service, paglipat ng tirahan, paglipat o pagbabago ng subscription, iba pa.**

Mag-aplay sa pinakamalapit na opisina ng NTT.

Kinakailangang magpakita ng ID (pasaporte, residence card, lisensya ng pagmamaneho, atbp.)

◇**便利な電話番号**

電話の申込み 116(局番なし)
電話の故障 113(局番なし)
話中調べ 114(局番なし)
電話番号案内(有料) 104(局番なし)
時報(有料) 117(局番なし)
天気予報(有料) 177(局番なし)

◇ **Mga kapaki-pakinabang na mga numero**

Aplikasyon para sa linya ng telepono: 116 (walang area code)
Pagkumpuni o repair service: 113 (walang area code)
Pagsusuri ng busy line: 114 (walang area code)
Directory assistance (may singil): 104 (walang area code)
Pag-alam ng oras (may singil) :117 (walang area code)
Pag-alam ng panahon o weather (may singil): 177 (walang area code)

・英語による案内
NTT東日本
http://www.ntt-east.co.jp/en/
電話:116(局番なし)または0120-116-000
9:00～17:00(年末年始除く)

・Gabay sa Ingles:
**NTT EAST**
http://www.ntt-east.co.jp/en/
telepono：116(walang area code) o 0120-116-000
mula 9:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.(Hindi kasama ang mga holiday sa katapusan ng taon at Bagong Taon)

### ◇電話料

- 基本料（回線使用料）と通話料金があります。
- 基本料はNTTに支払いますが、通話料金は多数の電話会社から選ぶこともできます。NTT以外の電話会社のサービスを利用するときは、事前に契約が必要になりますので、各電話会社に直接お問い合わせください。

### ◇ Singil sa paggamit ng telepono

- May basic charge o singil (sa paggamit ng linya) at calling charge o singil sa pagtawag.
- Bagama't kailangan ninyong bayaran sa NTT ang basic charge, para sa pagtawag sa telepono maari kayong pumili sa ilang domestic telephone companies. Kailangang maging subscriber muna kayo bago makagamit ng mga serbisyo. Para sa mga detalye o impormasyon, sumangguni sa tanggapan ng kompanya ng telepono.

### ◇電話料金の支払

電話料金は、毎月、各会社から請求書が郵送されてきますので、近くの銀行、郵便局、コンビニエンスストア、電話会社の営業所で支払います。銀行の口座から毎月自動的に支払われる口座振替の方法もあります。

### ◇ Pagbayad ng singil sa paggamit ng telepono

Makakatanggap kayo ng buwanang singil para sa paggamit ng telepono at maari ito bayaran sa mga bangko, post office o koreo, mga convenience stores o service offices ng kompaya ng telepono sa inyong lugar. Maaring bayaran sa pamamagitan ng automatic transfer, kung saan ang singil o kabayaran ay automatic na ibabawas sa itinakdang account sa bangko bawat buwan.

### ◇携帯電話の購入

携帯電話は、各メーカーの機種取扱店や家電量販店などで購入することができます。購入時には、本人であることを確認できる書類（パスポート、在留カード等）や毎月の料金の支払いの手続に必要なもの（クレジットカード等）などが必要となりますので、詳しくは、携帯電話を購入する店舗で直接確認してください。

### ◇ Pagbili ng cellular o mobile phone

Maaaring bumili ng cell phone sa tindahan ng kumpanya mismo o kaya sa mga retail stores. Sa oras ng pagbili ay kinakailangang magpakita ng ID (pasaporte, residence card, atbp.), pati na rin ng kagamitang kailangan para makapagbayad buwan-buwan (credit card, atbp.). Para sa karagdagang impormasyon, direktang magtanong sa tindahan kung saan ninyo balak bilhin ang cell phone.

### ◇公衆電話

公衆電話には 10・100円硬貨及びテレホンカードで利用できるものがあります。100円硬貨はおつりがでませんので注意してください。

受話器をとり、硬貨又はテレホンカードを挿入し、ブーという音が聞こえたら相手の電話番号をダイアルします。通話中のピーという発信音は、料金がなくなった合図ですので、続けて話をしたいときは硬貨またはテレホンカードを追加します。

公衆電話で国際電話をかける場合には、ディジタル公衆電話を利用します。国際電話を利用できる公衆電話には表示がしてあり

### ◇ Mga teleponong pampubliko o Public phones

Depende sa public phone, maaring gamitin sa pagtawag ang ¥10 coins, ¥100 coins at ang regular na telephone card. Tandaan po lamang na ang mga public phones ay hindi magbibigay ng sukli sa ¥100 coins na ihuhulog ninyo.

Sa pagtawag sa isang public phone, damputin ang hawakan o receiver, ihulog ang nararapat na barya o coins o di kaya'y isang telephone card at i-dial ang numerong nais tawagan haggang marinig ninyo ang dial tone. Kapag patapos na ang inyong tawag, makakarinig kayo ng isang tunog o beep. Kung nais ninyong magpatuloy sa pakikipag-usap o sa pagtawag, kailangang maglagay kayo ng karagdagang barya o coins o isa pang telephone card. Kung nais magsagawa ng international call mula sa isang public phone booth, kailangang gamitin ninyo ang itinakdang digital public phone. Siguruhing may markang nagpapaalam na ito ay

ますので、確認してから利用してください。
テレホンカードは、NTT やコンビニエンスストアなどで販売しています。

maaring gamitin para sa mga international calls.
Ang mga Telephone cards at IC cards ay maaring bilhin sa NTT, sa mga convenience stores at kaugnay na mga lugar.

**◇国際電話**

①国際ダイヤル通話：電話をかける人が自分で直接、海外にある相手の電話番号をダイアルして通話します。
→国際電話識別別番号（０１０）＋国番号＋相手先電話番号

◇Pagtawag sa ibang bansa

1) Para sa International Direct Dialing: maari ninyong i-dial ng direkta ang numerong nais tawagan.

→International access code (010) + country code + numero ng teleponong nais ninyong tawagan

②国際オペレーター通話：0051
電話会社のオペレーターに相手を電話口に呼び出してもらう方法です。
https://www.kddi.com/phone/international/operator/

2) Mga tawag na dumadaan sa isang operator: 0051
ang isang operator mula sa kompanya ng telepono na napili ninyong gamitin ang magsasagawa ng tawag sa numerong nais ninyong tawagan.
https://www.kddi.com/english/phone/international/operator